# OPINYON O KATOTOHANAN
# AT
# PANG-ABAY

*Magandang araw!*

*Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang makakikilala na kung ang mga impormasyong nasa pahayagan ay opinyon o katotohanan. Maitatala mo na ang mga pang-abay na ginamit sa kuwento/iba pang teksto.*



## Pagbalik-aralan Mo

**A. Basahin mo ang balitang ito.**

## Driver-shooter na, miracle healer pa

SI Susana "Rose" Rosario alyas *Wonder Lady* ay itinuturing na kauna-unahang babae sa Pilipinas at maging sa buong Asya na nagmamaneho at bumabaril ng nakapiring at nagdaraos pa ng free miracle healing session pagkatapos!

Una niyang ipinakita ang galing niya na may kasamang panggagamot noong 2003 sa Angeles City kung saan nilibot niya ang 33 barangay sakay ng kanyang Mazda sports car.

Dahil dito, ginawa siyang adopted daughter ng Bgy. Cutcut sa pangunguna ni Kapitan Robin Nepomuceno.

Noong 2004, gumawa rin siya ng ganitong paglalakbay: mula Samar hanggang Leyte, Bulacan hanggang Bicol, at Quezon City hanggang Pangasinan.

Ayon kay Rosario, 50, isang Bulakenya at school teacher, ginagawa niya ito bilang krusada at pagdarasal para sa kampanya ng pamahalaan at mga barangay laban sa iligal na droga, sugal at karahasan.

Ngayong taong ito, bilang pag-aalay sa namayapang Santo Papa at sa pumalit sa kanya na si Pope Benedict XVI, nagpunta uli si Rosario sa Kabisayaan at nagmaneho ng nakapiring mula sa bayan ng Calinog hanggang Iloilo City. At pagkatapos ng exhibition ng pagbaril na nakapiring din, gamit ang kanyang Jericho 9mm pistol, nagsagawa si Rosario ng dalawang araw na free healing session at nanggamot ng 500 pasyente na gamit naman ang "special oil" na kinuha mula sa "pambihirang" niyog.

Isa sa mga ginamot ni Rosario ang dating bise alkalde ng Calinog na si Agustin Carlos na dinapuan ng malalang sakit. Matapos siyang gamutin ni Rosario, inalis na ng mga kaanak ni Carlos ang medical gadgets na nakakabit sa



KASAMA ni Susana "Rose" Rosario ang ginamot na si Ex-Vice Mayor Agustin Carlos ng Calinog, Iloilo City.


Dahil sa kanyang paglilingkod-bayan, ginawaran si Rosario ng Certificates of Appreciation nina Iloilo City Vice Mayor Guillermo dela Llana at Calinog Mayor Alex Centena.

Sinabi ni Rosario na sa Iloilo niya minarapat na magsagawa ng extensive free healing session dahil sa lalawigang ito ang may pinakamaraming barangay (1,670) sa buong Pilipinas.

Sa pahintulot ng Diyos, layon ni Rosario na magamot lahat ang mga maysakit sa nasabing mga barangay, na maniniwala sa kanyang miracle healing tulad ni Carlos at mga kaanak.

Ano ang masasabi mo sa artikulo, ito ba ay nagpapahayag ng impormasyong maaaring totoo? O sariling pananaw at palagay lamang?

**B. Mula sa mga impormasyon sa balitang iyong binasa pumili ng mga pang-abay at isulat ito sa kinabibilangang pangkat. Gamitin mo ang iyong kuwaderno sa pagsagot.**




Ganito ba ang iyong sagot? Tama ka!

| Pamanahon | Panlunan | Pamamaraan |
|---|---|---|
| noong 2003 | -sa Pilipinas at buong Asya | |
| noong 2004 | | |
| | -sa Angeles City | nang nakapiring |
| | -Mula Samar hanggang Leyte , Bulacan hanggang Pangasinan | |
| | -kabisayaan | |
| | -bayan ng Calinog hanggang Iloilo City | |

## Pag-aralan Mo

May dyaryo ba o pahayagan sa inyong lugar?
Malimit ka bang magbasa nito?

Naniniwala ka bang palagi, minsan lamang, o hindi sa mga nilalaman ng pahayagan?

May malaking isyu tungkol sa isang balita sa pahayagan.
Handa ka na bang magbasa? Sige simulan mo na.

### ID system susubukan ng 6M gov't employees

**Ni ROSE NOVENARIO**

SUSUBUKAN muna sa may anim na milyong kawani ng gobyerno ang bagong ID card na bahagi ng isinusulong na national identification (ID) system sa bansa.

Ayon kay Executive Secretary Eduardo Ermita, tatapusin na lamang hanggang Martes ng National Economic and Development Authority (NEDA) ang draft ng Implementing Rules and Regulations (IRR) para sa ID card at pagkatapos ay lilinisin ng Pangulo bago pa simulan ang pagpapagamit nito sa mga empleyado ng pamahalaan.

Ang nasabing Executive Order (EO) 420 ay nilagdaan ng Pangulo noong Abril 13 pa.

"I would like to think na 95% of what you see in normal ID ay nandoon, another 5% that's what we will find out. Lalagyan ng distinctive mark upang hindi mapeke," paliwanag ni Ermita.

Inaatasan ng EO 420 ang lahat ng ahensya ng pamahalaan at government-owned and controlled corporations (GOCCs) na i-streamline ang kanilang ID system dahil nakalilito na ang dami ng ID card na ginagamit ng isang indibidwal at sobrang mahal pa nito.

Sa pamamagitan, aniya, ng makabagong ilulunsad na ID card ay mababawasan na ang gastos ng pamahalaan at magiging isa na lamang ang gagamiting ID card.

Ang bagong ID card ay magagamit din sa mga pribadong negosyo, transaksyon at maiiwasan pa ang posibleng paglabag sa batas at pekeng pagkakakilanlan.

Ang mga requirement na kinakailangan naman upang magkaroon ng ID card ay ang pangalan, tirahan, kasarian, larawan, lagda, kapanganakan, lugar ng kapanganakan, marital status, pangalan ng mga magulang, taas, timbang, dalawang index fingers at dalawang thumbmarks, anumang prominent distinguishing features gaya ng nunal at iba pa at Tax Identification Number (TIN).

Naging interesado ka ba sa binasa mo?
Kanino muna ipatutupad ang bagong ID system na ito?
Saan maaaring magamit ang bagong ID card?
Anu-ano ang mga kailangan upang magkaroon ng bagong ID card?

Itala mo sa iyong kuwaderno ang iyong mga kasagutan. Ganito ba ang sagot mo?

- Sa mga kawani ng gobyerno, di ba?
- Magagamit ito sa sariling opisina, sa pribadong negosyo at kung may transaksyon upang maiwasan ang pekeng pagkakakilanlan.
- Kailangan sa pagkakaroon ng ID card ang pangalan, tirahan, kasarian, larawan, lagda, kapanganakan, kalagayang sibil, pangalan ng mga magulang, taas, timbang, dalawang "index fingers" at dalawang "thumbmarks" at anumang malinaw na marka ng katawan gaya ng nunal at Tax Identification Number ng Kawani.

Ang una, pangalawa, pang-apat, pang-anim at pangpitong talata ay pawang opinyon lamang.

Ang pangatlo, panlima, at pangwalong talata ay mga totoong impormasyon.

Ganito ba ang itong sagot?  Tama ka!  Magaling!


Sa pagsagot mo sa pagsasanay, napag-alaman mo ang pagkakaiba ng impormasyong opinyon o katotohanan sa pahayagan.

Ang katotohanan ay nagpapahayag ng mga bagay o pangyayaring may sapat na batayan o patunay.  Ito ay mga pangyayaring tunay na naganap.

Ang opinyon o kuru-kuro ay isang pahayag ng saloobin, pahayag, o paniniwala ng isang tao. Ito ay maaaring may sapat na batayan o wala.

Marami kang matututuhan sa balitang binasa mo.

Makapagtatala ka rin ng mga pang-abay na ginamit dito.  Gawin mo nga ito.  Sundin ang konsepto ng mapa.





Kung ang mga pang-abay na naitala mo mula sa balita sa pahayagan ay tulad nang nasa ibaba, tama ka!

sa bansa
Martes
Abril 13
sa pribadong negosyo at transaksyon

Samakatuwid, mahalaga ang gamit ng pang-abay sa isang kuwento o teksto, o sa pagpapahayag ng opinyon o katotohanan sa pahayagan.  Ito ay naglalarawan kung paano, saan, at kailan ginawa, ginagawa o gagawin ang pangyayari.

Marami ka pang pagsasanay na gagawin sa modyul na ito.  Ipagpatuloy mo ang pag-aaral.



## Isaisip Mo

Ang mga impormasyon na nasa pahayagan ay maaaring katotohanan o opinyon.

Ang katotohanan ay nagpapahayag ng mga bagay o pangyayaring naganap.

Ang opinyon o kuru-kuro ay isang saloobin, palagay o paniniwala ng isang tao. Ito ay maaaring may sapat na batayan o wala.

Ang pang-abay ay mahalaga sa isang kuwento o teksto, sa agpapahayag ng opinyon o katotohanan sa balita. Ito ang naglalarawan kung saan, kailan at paano ginawa, ginagawa o gagawin ang pangyayari.



## Pagsanayan Mo

Narito pa ang pagsasanay para sa iyong malinaw na pagkakaunawa sa modyul.

**A. Ang mga sumusunod ay mga impormasyong sinipi mula sa pahayagan. Kilalanin mo kung opinyon o katotohanan. Isulat sa sagutang papel ang O kung opinyon, K kung katotohanan.**

_____1. Fetus, natagpuan sa Altar ng simbahan.
_____2. Iraq, lumaban.
_____3. Pagsakop ng Vietnam, di pa kumpirmado
_____4. Dagdag Sweldo, Malabo pa
_____5. Pope John Paul II, namatay na.

**B. Sa siniping balitang ito sa pahayagan, pumili ka ng pang-abay na ginamit at itala ito sa sagutang papel.**

**Union Bank sa Pasay hinoldap**

Hinoldap ng isang lalaki at isang babae ang sangay ng Union Bank sa Pasay City kahapon ng tanghali kung saan nakatangay ng hindi pa mabatid na halaga.

Kaagad na tumakas ang hindi pa nakikilalang suspect matapos ang insidente.

Sa sketchy report na tinanggap ng SPD, naganap ang insidente dakong alas 11:55 ng tanghali sa isang sangay ng Union Bank na matatagpuan sa 2524 Taft Avenue, Pasay City.

Nabatid na pumasok sa bangko ang dalawang suspect na nagpanggap na mga kostumer at ilang sandali pa ay nagdeklara na ang mga ito ng holdap.

Mabilis na tinutukan ng baril ang nakatalagang guwardiya at ilang kawani at saka kinulimbat ang pera sa cashier at maging ang mga pera sa cashier at maging ang mga pera at kagamitan ng mga tao sa loob ng bangko. Ang mga kostumer dito ay hindi rin pinatawad.

Mabilis na tumakas ang mga suspek lulan ng isang sasakyan na nakaabang na sa kanilang paglabas.

Base sa rekord ng pulisya pang-apat na ito sa sangay ng Union Bank na hinoldap sa Southern Metro Manila.

Patuloy naman ang isinasagawang operasyon ng pulisya laban sa mga suspek. Wala namang iniulat na nasugatan o nasawi sa insidente.

(*Lordeth Bonilla*)

(Pinagkunan : Tanod *tabloid)
Petsa : Abril 22, 2005



## Subukin Mo

**A. Narito ang ilang impormasyon na nasipi mula sa balita. Kilalanin mo kung ito ay opinyon o katotohanan . Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.**

1. Patuloy ang pagdami ng mga Pilipinong nagtatrabaho sa ibang bansa dahil sa kahusayan ng buhay sa Pilipinas.
2. Patuloy ang pagbaba ng palitan ng piso laban sa dolyar.
3. Dumarami ang mga kabataang nalululong sa droga.

4. Hindi kailangan ng mga kabataan ang suporta ng mga magulang.
5. Sa panahon ngayon, maipagkakaloob sa kabataan ang mga karapatang dapat nilang tamasahin.


**B. Basahin mo ang isang lathalaing sinipi mula sa pahayagan. Itala mo sa sagutang papel ang mga pang-abay na ginamit dito.**

LRT, SOLUSYON SA SULIRANING
PANTRANSPORTASYON

Ang pagkakatatag ng Light Rail Transit o LRT sa kahabaan ng Taft Avenue hanggang sa Rizal Avenue ay isang malaking tulong sa suliraning pantransportasyon sa ating bansa na walang sawang nilulutas ng ating pamahalaan.

Ang matagumpay na pagpapatupad sa proyektong ito mula sa Baclaran hanggang Monumento ay ayon sa pakikipagtulungan ng Metro Inc.  na inatasan ng dating Unang Ginang Imelda R.  Marcos sa pakikipagtulungan ng pamahalaan ng Belgium sa pamamagitan ng teknikal na suporta ng pamahalaan ng Belgium.  Sa pamamagitan ng teknikal na suporta at pamamahala puspusang nagsanay ang mga manggagawa at mamamahala sa LRT.

Ganito ang gawin mo sa pagtatala :




Ipawasto ang iyong sagot sa guro.

Madali lang ang modyul na ito, di ba?

Kayang-kaya mo.  Binabati kita!